Oras na para Magsuot ng Mask



Nandito na ang season ng virus sa paghinga sa Taglagas/Taglamig! Inirerekokmenda ang pagsusuot ng mask para sa lahat ng taong mataas ang panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19 at ang kanilang mga miyembro ng sambahayan. Sa katunayan, ito ang magandang panahon para magsuot ng mask ang lahat kapag nasa loob.

Anong uri ng mask ang dapat kong suotin?

- Ang mga N95/KN95/KF94 mask ay nagbibigay ng pinakamagandang proteksyon.
- Dapat lapat na lapat ang mask sa iyong ilong, bibig, at baba
- Ang mga batang wala pang edad na 2 ay hindi dapat magsuot ng mga mask at hindi dapat magsuot ng mask kapag natutulog.

Sinusunod ng Alameda County ang alituntunin ng estado sa pagsusuot ng mask, maliban sa:

- Ang mga kawani sa ilang pangangalagang pangkalusugan ay kailangang magsuot ng mask kapag kasama ng mga pasyente.

Paano gumagana ang mask?

Pinoprotektahan ng mga mask ang nagsusuot nito at ang mga nasa paligid nito para hindi mahawaan at magkalat ng COVID-19. Tumutulong din ang mga mask na protektahan ka mula sa ibang virus sa paghinga tulad ng flu at RSV.

ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Para sa Higit pang Impormasyon:
CDPH When to Wear A Mask